



lalawigan ng
san diego

pataba



Gawin Nating Lahat ang Ating Bahagi!

Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na **mahigit sa 50% ng mga residente** ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.

Nandito Kami Para Tumulong.

Ang mga pataba ay may mga sustansya na nakakatulong sa mga halaman. Ngunit ang mga sustansyang ito ay madaling naaanod ng ulan o irigasyon. Kapag hindi tama ang paglagay sa mga pataba, maaari itong makapasok sa storm drain at umabot sa ating mga daanan ng tubig kung saan maaari nilang patayin ang mga isda at halaman. Ang mga sobrang pataba sa ating mga daanan ng tubig ay kinakain ng mga algae na mabilis na tumutubo sa mga ibabaw, na humaharang sa sikat ng araw na kailangan ng mga halaman at isdang nasa ilalim. Ang **Programang Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga residente para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang **tip para hindi makapasok ang mga pataba sa storm drain.**



Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay **HINDI PA NALINIS** bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

Ano ang Maaari Ninyong Gawin para Panatiliing Malinis ang Ating mga Daanan ng Tubig?

- **Maglagay ng pataba ayon sa dami na nakalagay sa etiketa** at nang sakto lang ayon sa pangangailangan ng halaman.
- **Walisin ang anumang natapon.**
- **Ikalat nang pantay ang pataba sa lupa** upang hind ito agusin at upang madali itong makuha ng mga halaman.
- **Gumamit ng mga BMP sa palibot** (mga straw wattle, silt fence, atbp.) upang maharang ang pataba.
- **Gumamit ng mulch** upang mabawasan ang pangangailangang gumamit ng pataba.

**Salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.**

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon.

1-888-846-0800

watersheds@sdcounty.ca.gov

www.sandiegocounty.gov/stormwater